

AMBAGAN
SAMA-SAMANG PAGKILOS NG MGA TAO
SA PANAHOON NG PANDEMYA
(ANG KUWENTO NG PAROKYA NG
STO. DOMINGO, BRGY. JANOSA,
ISLA NG TALIM, BINANGONAN, RIZAL)

Ambagan: People's Collective Actions During the Pandemic
(The Story of Sto. Domingo Parish, Brgy. Janosa,
Talim Island, Binangonan, Rizal)

Paul Edward N. Muego, DSD

Abstrak

Isa ang Simbahan, sa pamamagitan ng mga maliliit na parokya gaya ng Parokya ng Sto. Domingo sa Isla ng Talim, Binangonan, Rizal, ang mabilisang kumilos para tumugon sa kalagayan ng mga tao noong nag-umpisa ang COVID-19 pandemya at ang mga kaalinsabay na mga lockdown. Layunin ng pag-aaral na ito na mailahad, maipagdiwang, mapagnilayan, at hanguan ng aral ang kuwento ng sama-samang pagkilos ng Parokya at ng mga tao sa Isla. Ang paglalarawan, na nasa porma ng isang case study, ay humugot mula sa mga kuwento ng mga taga-Isla ng Talim na nakuha sa pamamagitan ng mga panayam, pakikipagkuwentuhan sa pamamagitan ng mga online platforms at pati na rin sa nauna nang naisulat ng mga mag-aaral ng Pagpapaunlad ng Pamayanan na naitalaga sa Isla bago ang lockdown sa ilalim ng Field Instruction Program (FIP). Ang pagninilay at pagtukoy ng ilang rekomendasyon naman ay ginabayan ng mga piling batayang konsepto mula sa mga Panlipunang Turo ng Simbahan (Catholic Social Teachings) at ng Panlipunang Kaunlaran o Pagpapaunlad (social development). Lumilitaw sa kuwento ng sama-samang pagkilos ng mga taong bumubuo ng Parokya ng Sto. Domingo na likas sa mga tao ang paghahangad sa ganap na pagbabago, at makikita ito sa buhay na buhay na pagtutulungan, pagdadamay, at pagkakapatiran. Makikita rin na ang pakikiisa at pakikilahok, ang karapatan at pananagutan ay mga mahahalagang sangkap sa mobilisasyon ng pamayanan. Ang karanasan

ng mga taga-Isla ng Talim ay nagbibigay din ng mahalagang aral sa pamahalaan, na ito dapat ay maging pamahalaan ng lahat at hindi lang ng iilan. Panghuli, makikita na ang mga tao ay hindi nasanay na umaasa sa tulong ng iba para makakain at matugunan ang iba't iba nilang mga pangangailangan, kung kaya't ang pagtulong dapat ay umiikot sa dangal ng sangkatauhan (human dignity). Batay sa pag-aaral, mahalaga na ang tuloy-tuloy na pagkilos ng mga taga-Isla ng Talim ay tumuon sa pagtiyak sa kasiguruhan sa pagkain, pagpaparami ng disenteng trabaho at kabuhayan, pagpapalakas ng mga batayang serbisyong pangkalusugan, pagpapaigting sa pamamahala ng pamayanan (community governance), at patuloy na pagpapalakas sa social action ministry ng Parokya ng Sto. Domingo.

Keywords: field instruction, faith-based organizations, community participation, Catholic social teachings, social development, solidarity, COVID-19 pandemic, community quarantine

Panimula

“Ang pagtugon pa rin sa pandemya ay mga maliliit na mga pagkilos sa pamayanan,” ito ang sambit ni Fr. Rommel Felizardo, kura paroko ng Parokya ng Sto. Domingo, habang pinag-uusapan namin ang mga paghahandang ginagawa nila para sa napipintong *lockdown* noong Marso 2020. Sa umpisa pa lang ay nakikita na nila ang malawakang gutom na idudulot ng *lockdown* para sa mga mamamayan ng Isla ng Talim. Malamang, sa kagaya nila Fr. Rommel at iba pang mga kumikilos sa hanay ng mga *religious* at mga *faith-based organizations*, ay malinaw kaagad sa kanila ang papel ng Simbahan sa ganitong mga sakuna. Malamang, malinaw rin sa kanila kung anu-ano ang mga batayan ng kanilang mga tindig, tinig, at tugon sa panahon ng mga sakuna kagaya nitong pandemya. Ang pakikisangkot o pagtugon ng Simbahan sa iba't ibang usapin at usapan pambayan/pangkomunidad ay nakikitang isang porma ng pagpapadama ng kaniyang mapagkalinga at mapagpalayang tradisyon ng paglilingkod. At sa kabilang banda nama'y ang hindi nito pakikisangkot lalo na sa mga usaping nakaugnay sa katarungang panlipunan, karapatan, at mga mahahalagang usaping bayan ay nagpapakita na tila ang Simbahan ay hindi nakikiisa sa (*not in solidarity with*) mga maralita at mga hindi isinasama sa buhay ng pamayanan, na tila ito ay nakakalimot sa kaniyang misyong ipalaganap ang Magandang Balita ng pagmamahal, katarungan, at paglaya.

Ang Parokya ng Sto. Domingo¹ (PSD) ay matatagpuan sa Isla ng Talim sa Brgy. Janosa, Binangonan, Rizal. Bagama't walong barangay ang nasasakupan nito, ito ay maliit lang na parokya kung ikukumpara halimbawa sa Parokya ng bayan ng Binangonan. Kung titingnan din ang kaniyang pampinasyang rekurso, ang Parokya ay maaaring maituring na isang *mission church*. Gayunpaman, bakit tumugon ang Parokya? Anu-ano ang mga naging batayan ng kanilang pagtugon o pagkilos? Anu-ano ang mga naging pagtugon ng Parokya? Anu-ano ang mga kinahinatnan ng mga pagkilos na ito? Anu-ano bang mga aral ang mahihimalay mula sa karanasan ng Parokya ng Sto. Domingo at ng mga taga-Talim?

Ang pangkalahatang layunin ng maikling pag-aaral na ito ay mailahad ang kuwento ng sama-samang pagkilos ng mga tao sa Isla ng Talim sa Binangonan, Rizal bilang lokal na pagtugon sa mga hamon dulot ng pandemya, hindi lang sa usaping pangkalusugan ngunit sa pangkalahatang kaginhawaan (*well-being*). Ang mga partikular na layunin ng pag-aaral na ito ay ang mga sumusunod:

1. Mailarawan, maipagdiwang, at maparangalan kung paano tinignan at sinuri ng Parokya ng Sto. Domingo ang sitwasyon ng mga taga-Isla ng Talim sa gitna ng pandemya at ang naging pagtugon nito, pati na rin ang mga umusbong na iba pang mga porma ng pag-aambagan at pagbabayanihan ng mga mamamayan ng Talim;
2. Matukoy ang ilang mahahalagang aspeto o tema ng mga Panlipunang Turo ng Simbahan o *Catholic Social Teachings*, at maiugnay ito sa mga batayang konsepto ng panlipunang kaunlaran o *social development*; at
3. Mapagnilayan kung paano ang mga ito maaaring maging balangkas ng pagkilos ng mga maliliit na parokya kagaya ng Parokya ng Sto. Domingo at makapanghimalay ng mga mahahalagang mga aral at kabatiran mula sa mga karanasang ito tungo sa pagpapahayag ng ilang mga rekomendasyon.

Ang maikling pag-aaral at pagninilay na ito ay gumamit ng mga panayam sa ilang mga susing tao sa pamamagitan ng mga *online platforms* gaya ng Zoom at Messenger, pagsusuri sa mga piling mga literatura at kaugnay na mga pag-aaral—partikular dito ang ilan sa mga Panlipunang Turo ng Simbahan (*Catholic Social Teachings*) at mga paunang saliksik na ginawa at isinulat ng mga naunang mga grupo ng mga estudyante ng Field Instruction Program (FIP) ng Departamento

ng Pagpapaunlad ng Pamayanan. Humugot din ng ilang mga ideya at inspirasyon mula sa isang *episode* ng *Kwentong Kwarantín*² na pinamagatang “Simbahan at Pagpapaunlad ng Pamayanan sa Panahon ng Pandemya” (matatagpuan ang video sa <https://www.facebook.com/watch/?v=1718479868316130>) kung saan naging kabahagi sa talakayan ang mananaliksik.

Ang pagkilos ng Parokya ng Sto. Domingo sa Talim

Ang Isla Talim... bago ang pandemya

Matatagpuan sa Lawa ng Laguna ang Isla ng Talim. Ang pampulitikang pangangasiwa ng Isla ay nasa kamay ng bayan ng Cardona at Binangonan. Ang mas malaking bilang ng mga barangay sa Isla, 17, ay nasa ilalim ng pamamahala ng Lokal na Pamahalaan ng Binangonan, isang *first class municipality*. At ang bilang naman na ito ay halos kalahati ng kabuuang bilang ng barangay ng bayan. Bagama’t ito ang sitwasyon, kapansin-pansin na ang imprastruktura at mga serbisyo publiko sa kabayanan ay malayo sa kung ano ang nasa Isla maliban marahil sa lumang Municipal Extension at Rural Health Unit na matatagpuan sa Brgy. Gulod at ilang mga paaralang pampubliko at pribado na nasa Brgy. Kaytome, Janosa, at Bangad. Kaya karamihan ng mga serbisyo, katulad ng sa pangkalusugan at edukasyon, ay pinupuntahan pa rin ng mga tao sa kabayanan ng Binangonan.

Mararating ang Isla sa pamamagitan lamang ng mga malalaking bangkang de-motor mula sa prtil ng Binangonan. Dumadaong ito sa mga prtil sa iba’t ibang barangay sa Isla ng Talim. Bukod sa transportasyon ng mga pasahero, ang mga bangkang ito rin ang ginagamit para ipasok o ilabas sa Isla ang mga kalakal, pagkain, gamot, mga paninda, at iba pang mga pangunahing mga pangangailangan kagaya ng gasolina, LPG para sa pagluluto, at iba pa. Bukod sa mga nabanggit, nakasalalay din sa mga bangka ang kabuhayan ng marami sa mga taga-Isla—mula sa mga piloto at kaniyang mga kasamahan, sa mga mekaniko hanggang sa mga kargador.

Tradisyunal na ring kinukuhanan ng ikinabubuhay ng mga taga-Isla ng Talim ang pangingisda. Bukod dito, ang paggawa ng mga produktong gamit ang kawayan, katulad ng mga muwebles, kulungan ng manok, at pati mga pantuhog sa *barbecue*, *fishballs*, at iba pa, na ibinebenta sa bayan ay isa rin sa pangunahing kabuhayan sa Isla. Marami

rin sa mga taga-Isla ang nagtatrabaho sa mga *garment industries* at sa iba't ibang mga pagawaan sa iba pang bayan ng Rizal, Laguna, at Kalakhang Maynila. Bukod dito, may mga maliliit ding mga pinagkakakitaan kagaya ng paglalako ng mga lutong ulam at pamamahala ng sari-sari *store*.

Buhay na buhay rin ang pagsasamahan sa Isla ng Talim. May mga samahan ang mga mangingisda sa iba't ibang mga barangay; ang iba rito'y nagiging kabahagi sa Municipal Fisheries and Aquatic Resources Management Council ng Binangonan. Dahil na rin sa patuloy na pagdami ng mga nananahi sa Isla na naka-ugnay sa *garments industry* sa lalawigan ng Rizal, mayroon na ring mga samahan ng mga mananahi na madalas ay binubuo at pinamumunuan ng mga kababaihan. Mayaman rin sa karanasan sa pagkokooperatiba ang mga taga-Isla ng Talim; bagama't marami rin sa mga koop na itinayo nang mabilisan ay nangamatay na rin. Gayunpaman, mayroon pa ring mga buhay na koop gaya ng San Damiano Bamboo Producers Cooperative at ang Gulod Waterwork System—samahan ng mga mamamayan ng Brgy. Gulod na nagpapatakbo sa kanilang patubig. Ayon nga sa mga naunang mga estudyante ng Pagpapaunlad ng Pamayanan na na-*deploy* sa isla, buhay na buhay pa rin ang diwa ng kooperasyon, bolunterismo, at pagsasamahan sa Isla ng Talim. Ayon pa sa kanila, ang pagtutulungan ng mga tao ay nakaugat sa kanilang pananampalataya at espiritwalidad (Cruz et al., 2019).

Ang Parokya ng Sto. Domingo

Walong barangay ng Binangonan-*side* ng Isla ng Talim ang nakapaloob sa Parokya ng Sto. Domingo. Sa kasalukuyan, ang pangangasiwa at pangangalaga ng Parokya ay pinangungunahan ni Fr. Rommel Felizardo ng Diocese ng Antipolo. Katuwang ng kura paroko ang Parish Pastoral Council at ang mga mas maliliit na mga *pastoral councils* sa bawat barangay sa pagsusulong ng iba't ibang mga programa, proyekto, at gawain ng Parokya. Ang pagbuo ng mga programa, proyekto, at mga gawain ay ginagabayan ng WESTYVFLA o Worship, Evangelization, Social Transformation, Youth, Vocation, and Family Life Apostolate. Ito ang istruktura ng mga programa o ministeryo na pinaiiral sa Diyosesis ng Antipolo. Ayon kina Cruz et al. (2019), “nakatuon [ang] gawain [ng parokya] sa Social Transformation Ministry dahil naniniwala [sila] na malaki ang mai-aambag na impluwensiya ng simbahan sa pagpapabuti ng pamumuhay ng mga tao sa isla.”

Ang ugnayan ng DCD FIP at PSD

Ang Departamento ng Pagpapaunlad ng Pamayanan (Department of Community Development o DCD) ng Kolehiyo ng Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan (College of Social Work and Community Development o CSWCD) ay nagkaroon ng pagkakataong makipamuhay at makipag-aralan sa mga taga-Isla ng Talim sa paanyaya ng Parokya ng Sto. Domingo (PSD), partikular ni Fr. Felizardo noong Marso 2019. Naantala ang pagde-deploy ng mga mag-aaral sa ilalim ng Field Instruction Program (FIP), kaya Setyembre 2019 na nung tuluyang nakarating sa Isla ng Talim ang unang pangkat ng mag-aaral. Sa loob ng ilang buwan, ang mga mag-aaral ay nakiisa at nakipamuhay sa unang apat na barangay; at tumulong sa pagpapadaloy ng mga pagsusuring nakatuon sa pagpapalalim ng kabatiran sa umiiral na kalagayan ng mga tao sa pamayanan. Ang unang grupo ng mga mag-aaral ay nasundan ng isa pang *batch* noong Enero 2020. Katulad ng nauna, sila'y nakiisa at nakipamuhay sa dalawa pang mga barangay na sakop ng Parokya. Sa prosesong ito, layon ay maipagpapatuloy ang mga naumpisahang saliksik sa antas ng pamayanan. Lalong lalalim ang pagkaunawa ng mga mag-aaral sa buhay, karanasan, at pangarap ng mga mamamayan sa Isla ng Talim. Bago pansamantalang umalis ang pangalawang grupo sa Isla noong Marso 2020, pinag-uusapan na ang pagtulong sa paglililaw sa kanilang binabalak na pagpapatayo o pagpapalakas ng mga kooperatiba. Ngunit bago nakabalik sa Isla, idineklara ang COVID-19 na pandemya at ang pambansang pamahalaan ay nagpatupad ng pagsasara, *lockdown* o pagka-kwarantin sa kalakhang Luzon.

Ang sitwasyon sa Isla ng Talim sa kasagsagan ng pandemya

Nang magsara ang mga pampublikong transportasyon dahil na rin sa pagdedeklara ng Enhanced Community Quarantine o ECQ, hindi na rin pumalaot ang mga pampasaherong bangka. Dahil dito, natigil ang paglabas-pasok ng mga tao sa Isla. Sa isang banda, ang pagsasara sa mga prtil ay nakatulong na hindi magkaroon ng kaso ng pagkakahawa sa COVID-19 kung kaya't hindi ang pagkakahawa sa sakit na ito ang naging pangunahing problema ng mga taga-Isla ng Talim. Ngunit sa kabilang banda naman, ang pagsara ng prtil ay lubos na nakaapekto sa kasiguruhan sa *supply* ng pagkain at mga pangunahing pangangailangan ng mga naninirahan sa Isla ng Talim. Bagama't sa umpisa ay mayroon pang mga naitabi, ang mga ito ay dahan-dahan ding naubos sa pagtagal ng ECQ. Ayon sa mga taga-Talim, makikita ito sa isa-isang pagsara ng mga maliliit na mga tindahan at kainan.

Bukod sa kasiguruhan sa *supply* ng pagkain, lubhang naapektuhan din ang kabuhayan ng mga tao sa Isla ng Talim. Ang mga tradisyunal na pinagkukunan ng kabuhayan, kagaya ng paggawa ng mga produktong yari sa kawayan, ay tumigil. Bukod sa walang masasakyan para dalhin ang mga ito sa palengke, hindi na rin ito naging prayoridad ng mga mamimili sa bayan. At dahil wala ring transportasyon, hindi na rin makapasok ang mga arawang namamasukan. Kasabay rin nito ang pagsasara ng marami sa mga establisemento sa kabayanan at sa mga karatig lugar. Dahil dito, patuloy na lumiit at naging limitado ang kita ng mga pamilya sa Isla. At dahil patuloy rin ang pagtaas ng presyo ng mga bilingin, mas ikinabahala ng mga taga-Isla ng Talim kung paano nila tutustusan ang pang araw-araw na pamumuhay. At kahit na nagluwag na ang transportasyon sa pagkakadeklara ng Modified General Community Quarantine o MGCQ sa lalawigan ng Rizal, hindi pa rin naging madali ang pagbiyahe dahil dumoble ang halaga ng pamasaha—mula sa Php30.00 kada tao naging Php65.00 kada tao.

Dagdag pa, dahil nakasalalay pa rin sa mga serbisyong nasa bayan, lalo na sa usaping pangkalusugan, naging mahirap rin ang pagkuha sa mga ito. Walang naging malinaw na mga plano sa transportasyon kung may mga *health emergencies*. Bukod dito, naging mabagal din ang pangkalahatang pagtugon ng pamahalaang lokal at ng pamahalaang bayan sa lumalalang sitwasyon sa Isla, lalo na sa usapin ng kasiguruhan sa pagkain. May pakiramdam ang mga tao na tila hindi naging prayoridad ang Isla sa pagtugon ng lokal na pamahalaan kahit na halos kalahati ng mga barangay ng bayan ng Binangonan ay nasa Isla. Sa pakikipag-ugnayan sa Provincial Social Welfare and Development Office ng Rizal, na siya namang nakipag-usap sa Municipal Social Welfare and Development Office ng Binangonan, napag-alaman na mayroong mga inihahandang *food packs* para sa Isla, ngunit ang inaasahan daw ay ang mga barangay muna ang magbibigay ng paunang ayuda. Ngunit ayon sa mga nakapanayam, tila hindi naman ito alam ng mga namumuno sa mga barangay. Pati ang inaasahang tulong na makukuha sa Social Amelioration Program o SAP ay naantala. Matatapos na ang Abril ay SAP *form* pa rin lang ang nahahawakan ng mga kwalipikadong mga benepisyaryo.

Ang mga pagkilos ng Simbahan at ng pamayanan

Sa umpisa pa lang, malinaw na sa Parokya na paparating ang gutom bunsod na rin ng pagsasara ng transportasyon at ang pagkawala ng mga kinukunan ng ikinabubuhay ng mga tao. Ayon kay Fr. Rommel at sa iba pang mga taga-Isla, “Habang tumatagal ang kwarantin,

mas tumitindi ang sitwasyon, mas dumarami ang nagugutom!” Ang sitwasyong ito ang nagsilbing hamon sa mamamayan ng Talim, partikular sa Parokya ng Sto. Domingo sa pangunguna ng kura paroko, si Fr. Rommel, upang agarang kumilos para matugunan ang tumitinding pangangailangang ito.

Ngunit hindi rin naging madali ang pagkilos. Una, dahil nga sa pagbabawal lumabas ng kanilang mga bahay, ang komunikasyon ng mga lider ng Parokya na nasa iba’t ibang barangay ay hindi naging madali dahil na rin sa isyu ng *connectivity*—maaaring hindi sila aktibong gumagamit ng mga *messaging applications* o hindi kaya ay hiras din sila sa pagbili ng *prepaid load* para sa *cellphone*. Pangalawa, dahil maliit lang ang pampinansyang rekursong PSD, kinakailangan nilang itaon palabas ang kanilang paghahanap ng maisusuporta sa mga mamamayan ng Isla. Ngunit hindi ito nangangahulugan na walang mga rekursong nagmula sa komunidad mismo. Pangatlo, dahil sa malaking bilang ng dapat maabot at mabigyan ng tulong, kinakailangan ang sustenidong pagkilos. Panghuli, hindi rin ganun kadali ang manghingi sa mga dati na nilang nahihingan dahil nga pati ang mga ito ay lubha na ring naapektuhan ng pandemya sa katagalan.

Ang malaking proyektong isinulong ng Parokya ay ang *relief operations* sa siyam na barangay. Ang naunang plano ay tututukan lamang ng Parokya ang 100 pamilya sa bawat barangay, mga pamilyang pinakahihigit na nangangailangan ng ayuda. Ngunit habang tumatagal, lalo pang dumarami ang nangangailangan ng ayuda. Pati ang mga bangkero na nawalan ng hanapbuhay dahil sa tigil pasada ay napagkalooban din ng Parokya ng suporta. Habang sinisikap na pantay-pantay na mabigyan lahat, sinikap pa rin ng Parokya na maabutan ng mas malaking suporta ang halos 200 na pinakamahirap. Kung susumahin, humigit-kumulang 4,000 na pamilya o higit pa ang naabutan ng tulong ng Parokya.

Sa kanilang pagtataya, umabot sa humigit-kumulang PhP5M ang namobilisa ng Parokya at ng pamayanan para sa ayuda. Saan nanggaling ang rekursong ginamit ng Parokya para bigyan katuparan ang hangarin nitong tumulong sa mga nangangailangan sa panahon ng pandemya? Isa sa pinagkunan ng rekursong ay ang Caritas Manila. Tumulong rin ang mga ka-*partner* ng Parokya na mga paaralan katulad ng Ateneo de Manila University at mga estudyante ng CSWCD na noon ay naka-*enroll* sa Field Instruction Program (FIP). Nakipag-ugnayan rin sila sa mga

pribadong grupo at mga *foundation* ng malalaking *media companies* para sa karagdagang suporta. Bukod pa ito sa mga indibidwal na nagpaabot rin ng kanilang ambag sa isinasagawang *relief operations* ng Parokya.

Gamit ang bangka ng Parokya, hinakot papunta sa Isla ng Talim ang napamiling mga pagkain (bigas, de lata, kape, asukal, at iba pa), mga *personal hygiene items* kagaya ng sabon at *alcohol*, at iba pang mga ayuda. Pagdating sa Isla, ang simbahan ay nagsilbi bilang isang *relief operations center*. Sako-sakong bigas, kahon-kahong mga de lata, at iba pang pagkain at ayuda ang ini-*repack* sa loob at harap ng simbahan—sa pagtutulong-tulong ng mga miyembro ng Parokya. Napupuno ang mga silya at pasilyo ng simbahan ng mga *eco-bag* na naglalaman ng pagkain at iba pang ayuda. Hindi lang minsan, ngunit tuloy-tuloy nila itong ginawa habang patuloy na may suportang dumarating.



Larawan 1. Manggagawa at boluntaryo ng Parokya ng Sto. Domingo habang nagre-*repack* ng ipapamahaging ayuda (Sto. Domingo Parish, Talim Island, 2020)



Larawan 2. Sa halip na mga tao, napuno ng mga bag ng bigas, de lata, at iba pa ang mga upuan ng simbahang ito. (Sto. Domingo Parish, Talim Island, 2020)

Habang nangyayari ito, patuloy din ang panawagan ng Parokya sa buong pamayanan na patuloy ring makibahagi. Isang araw, mayroong nagmamay-ari ng mga palaisdaan at mga baklad (*fish pens*) na nagkaloob ng mga isda kagaya ng tilapia para isama sa mga ipinamimigay na *relief*. Kilo-kilong isda ang ipinagkaloob at ipinamahagi sa mga pamilyang higit na nangangailangan.

Ang isa naman ay nagkatay ng kanyang pinatatabang baboy at ipinamahagi ito sa iba. Sabi nga nila, hindi lang may bigas, may pang-ulam na rin. Ang iba namang mga pamilyang mas may mapagkukunan ay nag-umpisa na ring magbalot ng mga dagdag na *relief packs* para maitulong sa kanilang mga kapitbahay. Naging buhay na buhay na ang ambagan!



Larawan 3. Pala-palangganang tilapiang kaloob ng mga mangingisda ang inihahanda para ipamahagi. (Sto. Domingo Parish, Talim Island, 2020)



Larawan 4. Inaayos ng mga taga-Parokya ang ipapamahaging mga karne. (Sto. Domingo Parish, Talim Island, 2020)

Habang nag-iikot ang mga lider at mga miyembro ng Parokya upang ipamahagi ang mga ayuda, napapansin nila na maraming mga bata ang nagugutom. Nag-usap sila at nagpasiyang hindi nila hahayaang may mga batang magugutom sa panahong ito. Batid rin nila na ang pagpapanatili ng lakas ng pangangatawan ay isang paraan para maiwasan ang pagkakasakit. Dahil dito, naglunsad sila ng dagdag na proyekto—ang *community kitchen*. Nagtulung-tulong ulit ang mga tao sa Parokya at sa mas malawak na pamayanan. Nag-ambagan sila para sa lulutuing sopas at sinigurado nila na ang sopas para sa mga musmos ay hindi tinipid sa sangkap, at naiisipan din nilang magbigay ng gatas para sa mga paslit.

Bukod sa ayuda sa pagkain at pati na rin ang *community kitchen*, nakaisip ulit ang mga tao ng isa pang proyektong makatutulong hindi lang sa pagpapanatili ng personal na kalinisan ngunit sa pagpapanatili din ng malusog na isipan o *mental health*. Naglunsad ang Parokya ng libreng gupitan para sa mga nakatatanda at pati rin sa mga bata. Kaugnay rin nito ang tuloy-tuloy na pamamahagi ng mga *hygiene kits* sa mga kabataan.

Sa ngayon, kahit na may pagluluwag na sa mga umiiral na kwarantín, hindi pa rin ganoong kadali o kabilis ang pagbangon. Patuloy na nagsusuri at nagninilay ang Parokya sa kasalukuyang kalagayan sa pamayanan. Isa sa nakikitang matingkad na usapin na kailangang matugunan ay ang edukasyon ng mga bata't kabataan. Batid na, dahil sa umiiral na *remote* o *online* na sistema ng pag-aaral, marami ang nahihirapan dahil na rin sa mga kaakibat na gastusin sa ganitong sistema. Nandiyan ang kawalan ng mga gamit katulad ng *computer* at limitadong koneksyon sa *internet* dahil na rin sa walang imprastraktura at sa mataas na gastos sa pagbili ng *data load*. Isa sa naisip gawin ng Parokya ay buksan ang simbahan at gamitin ito bilang *study area*. Dito maaaring makigamit ang mga estudyante sa *internet connection* ng Parokya. Bukod dito, tuloy-tuloy rin ang paghahanap ng rekurso para ipambili ng mga *computer sets* na magagamit ng 45 mga iskolar ng Parokya.

Mula sa ayuda sa pagkain, *community kitchen*, libreng gupit, at pagtulong sa mga mag-aaral, makikitang buhay na buhay ang pagkilos ng Parokya at mas malawak na pamayanan ng Isla ng Talim. Masisilayan sa mga kuwento ng pagkilos ng Simbahan at ng pamayanan/mamamayan ang pagpapahalaga sa dangal ng tao, ang pagtiyak sa kagalingan ng lahat, at ang pagkiling at pakikiisa sa mga maralita at mas higit na nangangailangan. Makikita rin na buhay na buhay ang partisipasyon sa iba't ibang mga anyo ng pagkilos na inilunsad bilang pagtugon sa mga pangangailangan ng pamayanan sa panahon ng pandemya.

Makikita sa mga inisyatiba ng simbahan at pamayanan na ang mga tao'y nag-aambagan. Malawak ang naging mga pagkilos ng mga tao sa loob at labas ng Isla ng Talim; damang-dama ang diwa ng kooperasyon, bolunterismo, at pagsasamahan. Para sa isang simpleng pagsusuma ng mga naging karanasan, mainam na balikan ang ilang kabatirang ipinahayag ni Fr. Rommel sa opisyal na Facebook Page ng Parokya ng Sto. Domingo:

“Lahat ng ito ay naging posible sa pamamagitan ng mga *donors* at *sponsors*, sa walang humpay na serbisyo ng mga *volunteers* at sa pagbabayanihan ng Sto. Domingo Parish at ng buong pamayanan. Ang kolektibong ambag natin ay malayo ang nararating. Makakatawid tayo sa gutom kahit papaano dahil sa ating binabahaging kabutihan sa kapwa lalo na sa higit na nangangailangan. Ang sabi ng ating Pope Francis, isang

bangka lang tayo. Salamat at magkakasama tayo sa bangkang ito! Pagpupugay sa inyong lahat! Tunay ngang nakahahawa ang kabutihan ng Diyos. Maraming salamat po!”

Panlipunang turo ng Simbahan at Kaunlarang Panlipunan (Social Development)

Ang mga Panlipunang Turo ng Simbahan o PTS ay isang komprehensibong tradisyon ng mga tuntuning tumutugon sa mga hamon at iba’t ibang mga usaping nakaugat o umuusbong sa pampulitika, pang-ekonomiya, panlipunan, at pangkulturang aspeto ng buhay ng tao (Brenden, 2007; Deguma et al., 2020). Ang mga pangunahing pinagmulan ng mga turo ng ito ay ang mga *social encyclicals* kagaya ng *Rerum Novarum*³ (RN, 1891) na isinulat ni Papa Leo XIII na tumalakay sa di-makatarungang kalagayan ng mga manggagawa dahil sa katigasan ng puso ng mga maypatrabaho (*employers*) at ang pagiging gahaman ng umiiral na sistema ng kompetisyon at iba pang mga kadahilanan kagaya ng usura o labis na pagpapatubo sa mga utang. Ang isa pang halimbawa ay ang *Populorum Progressio* (PP, 1967) ni Papa Pablo VI. Tumalakay rin ito ng mga mahahalagang katanungang panlipunan at tinuligsa rin nito ang mga napapanahong mga isyu kagaya ng lumalawak na di-pagkakapantay-pantay at mga epekto ng *unbridled liberalism* (blg. 26) na nagreresulta sa mga di-makatarungang relasyon at patuloy na paghihirap ng nakararami (blg. 27).

Sa kasalukuyang panahon, tatlong *encyclicals* ang sinulat ni Papa Francisco, ang *Evangelii Gaudium*, *Laudato si’*, at *Fratelli tutti*. Kagaya ng mga nauna, tinuligsa rin ng *Evangelii Gaudium* (EG, 2013) ang mga krisis ng lipunan at sistema ng ekonomiyang nakamamatay na tinawag niyang *economy of exclusion and inequality* (blg. 53). Sa ganitong kalagayan, hinahamon tayo ng *Evangelii Gaudium* na patuloy na makiisa sa mga maralita, lalo na sa mas higit na naiiwan kagaya ng mga katutubo, kababaihan, mga migrante, at iba pa. Ang pakikiisang ito (*solidarity*) ay sumusuhay sa kaisipang umuugat sa kagalingan ng komunidad at buhay ng lahat at hindi lang sa iilan (blg. 188); kung saan ang mga tao’y nagiging tagapaglikha ng kanilang kapalaran (blg. 190). Hinihimok din ng *Evangelii Gaudium* ang estado o pamahalaan na pangalagaan at itaguyod ang kabutihan ng lahat, lalo na sa pagsusulong ng kaunlarang walang naiiwan at iniwan (blg. 24).

Ang *Laudato si'* (LI, 2015) naman ay hinihimok ang lahat na iwanan ang kaunlarang nakasentro lamang sa mga pang-ekonomiyang mga interes at isulong ang tinatawag niyang *authentic development* (blg. 147)—kaunlarang nakaugat sa malalim na paggalang sa dangal ng bawat tao, ng sanlibutan, at ng kalikasan at nakatuon sa pagpapabuti ng kalidad ng buhay ng lahat. Para sa *Laudato si'*, mahalaga ang diwa ng pakikiisa o *solidarity* at ang prinsipyo ng panlipunang pagmamahal o *social love* (blg. 231)—pagmamahal sa kagalingan ng lahat, sa makatarungang mga relasyon, sa pagbuo ng mga mas mabubuting mga pamayanan. Ang panlipunang pagmamahal ay susi sa mga mas mabubuting mga pamayanan, sa tunay at ganap na kaunlaran.

At ang *Fratelli tutti* (FT, 2020) na sinulat ni Papa Francisco at inilabas sa kasagsagan ng pandaigdigang pandemya naman ay maliwanag na inilalahad ang hindi magandang dulot ng imposisyon ng iisang modelo ng kaunlaran at kulturang nakasentro sa merkado. Isinusulong ng modelong ito ang indibidwal na interes habang pinahihina naman nito ang “*communitarian dimensions of life*” (blg. 12). Kagaya rin ng mga nauna, mariin din ang pagpapahalaga sa *solidarity*. Ang pakikiisa ay konkretong ipinapahayag sa pamamagitan ng paglilingkod sa mga maralita at vulnerable (blg. 115), hindi lamang sa pamamagitan ng kabutihang-loob ngunit sa pamamagitan ng pakikibaka sa mga “istraktural na sanhi ng kahirapan, di-pagkakapantay-pantay, kawalan ng trabaho, lupa at pabahay, pagtanggì sa mga karapatang panlipunan at paggawa” (FT, 2020, blg. 116). Sa Kolehiyo ng Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan, ang pakikiisa’y “pagsusulong ng mapagkalinga at mapagpalayang paglilingkod” (Manalili, n.d., p. 14).

Ang mga Panlipunang Turo ng Simbahan kagaya ng mga nabanggit ay nagsisilbing mga gabay sa kung paano ang relasyon ng tao sa kanyang kapwa at pati na rin sa kabuuan ng kanyang kapaligiran at pati ng kalikasan. Ang mga dokumentong ito’y sensitibo sa mga umiiral na panlipunang konteksto at tumutugon sa mga iba’t ibang usaping mahalaga sa buhay ng mga tao sa mga pamayanan, lalo na ang mga maralita (Dagmang, 2016). Ayon kay Brenden (2007), may sampung mga prinsipyong bumibigkis sa lahat ng mga Panlipunang Turo ng Simbahan:

- a. Dangal ng Tao (*Human Dignity*)
- b. Pamayanan at ang Kabutihan/Kagalingan ng Lahat (*Community and the Common Good*)
- c. Mga Karapatan at Katungkulan (*Rights and Responsibilities*)

- d. Pagkiling sa mga Maralita at Pinagsasamantalahan (*Option for the Poor and Vulnerable*)
- e. Partisipasyon (*Participation*)
- f. Dangal sa Paggawa at Karapatan ng mga Manggagawa (*Dignity of Work and Rights of Workers*)
- g. Pangangasiwa/Pangangalaga sa Sangnilikha (*Stewardship of Creation*)
- h. Pakikiisa (*Solidarity*)
- i. Katungkulan ng Pamahalaan (*Role of Government*)
- j. Pagsusulong ng Kapayapaan (*Promotion of Peace*)

Mainam na idagdag sa talaang ito ang tatlo pang mga prinsipyo o mga pinahahalagahan. Una rito ay ang katarungan/hustisya (*justice*). Malinaw sa mga PTS ang pagkondena nito sa iba't ibang sitwasyon ng hindi pagkakapantay-pantay at kawalan ng katarungan. Malinaw ang panawagan nito para sa *economic justice, climate justice, social justice*, at iba pa. Pangalawa, ang transpormasyong panlipunan (*social transformation*). Malinaw rin sa mga PTS ang paghahangad nito sa mas magandang mga ugnayan o relasyon sa iba't ibang larangan ng buhay ng tao, sa mga mas mabubuting mga pamayanan, sa kaunlarang walang naiwan, walang iniwan, at kaunlarang pinagsasaluhan ng lahat (PP, 1967, blg. 81; EG, 2013, blg. 102; FT, 2020, blg. 159).

Ang mga prinsipyo/pinahahalagahang nabanggit sa itaas ay nagsilbi ring inspirasyon at gabay sa PCP II o Second Plenary Council of the Philippines. Ang katarungan at transpormasyong panlipunan, halimbawa, ay isa sa sentrong tema ng PCP II (1991). Maaalala rin natin ang panawagan ng PCP II na ang Simbahan ay dapat maging Simbahan ng mga Maralita o *Church of the Poor* (PCP II, 1991). Batay sa artikulong isinulat ni Dennis Murphy na pinamagatang "Too late for a 'Church of the Poor'?" at nailathala sa *Philippine Daily Inquirer* noong ika-21 ng Hulyo, 2015, ang konseptong ito ay "*transformative*." Bakit? Ayon kay Murphy (2015), dahil taliwas ito sa madalas na sistemang iniaasa sa mga maykaya at makapangyarihan ang mga pagbabagong kinakailangan. Ayon sa kaniya, malinaw na ang mga maralita mismo ang may pangunahing papel sa pagsusulong ng pagbabago, sa pagsusulong ng pagpapalaya (Murphy, 2015). Kaya ang pangatlong prinsipyo o pinahahalagahan na mahalagang maidagdag ay pag-oorganisa at sama-samang pagkilos ng mga maralita.

Ang pangarap, ang pangitain, at mga prinsipyo na nakalahad sa PTS ay nangangahulugan ng malaliman at malawakang transpormasyon ng lipunan (Torres, 2009; Dagmang, 2012; Manalili, n.d.). Ang

transpormasyon nais ng PTS ang siya ring nasa sentro ng kaunlarang panlipunan o *social development*. Ayon sa United Nations Research Institute for Social Development o UNRISD (2011, p. 2), ang kaunlarang panlipunan ay nakatuon sa mga proseso ng pagbabagong likas-kaya, makatarungan, at naaayon sa mga prinsipyo ng demokratikong pamamahala at hustisya sosyal. Ang tunguhin ng pagbabagong ito ay pagpapabuti ng kaginhawaan ng mga tao (*peoples' well-being*), ugnayang panlipunan (*social relations*), at mga institusyong panlipunan (*social institutions*) (UNRISD, 2011; Midgley, 2014).

Maraming susing pagkakapareho ang PTS sa batayang kahulugan ng *social development* na ipinakita sa taas. Ang Table 1 sa ibaba ay isang simpleng paglalahad ng mga batayang konsepto ng dalawa. Bagama't mayroong mga pagkakaiba sa mga termino, kung susuriin nang mas malapitan, makikita ang pagkakapareho ng dalawa.

Table 1

Mga batayang konsepto ng PTS at SD

Panlipunang Turo ng Simbahan (PTS)	Panlipunang Kaunlaran (SD)
<i>Social transformation</i>	<i>Processes of change</i>
<i>Community and the common good</i>	<i>Human/peoples' well-being</i>
<i>Social relations</i>	<i>Solidarity</i>
<i>Role of government</i>	<i>Social institutions</i>
<i>Social justice</i>	<i>Social justice; equitable</i>
<i>Participation; rights and responsibilities</i>	<i>Democratic governance</i>
<i>Stewardship of creation</i>	<i>Sustainable</i>

Ngunit ang panlipunang pagpapaunlad o *social development* ay maaaring mas maging matalas pa kung mas magiging hayag ito sa pagkiling sa mga maralita at pinagsasamantalahan (*option for the poor and vulnerable*). Tama na ang tunguhin ay kagalingan o kaginhawaan ng lahat ng tao, ngunit mainam na magbigay ng partikular na diin sa mga tao at pamayanang madalas iniwan at naiiwan sa umiiral na proseso ng kaunlaran. Mahalaga ring mas patingkarin pa ang pag-oorganisa at sama-samang pagkilos ng mga maralita sa pagsusulong ng panlipunang kaunlaran. Mahalaga ito kung nais ng mas malawak at mas malalim na partisipasyon o pakikilahok ng mga tao sa mga pagpapasiya at sa iba't ibang larangan ng buhay kagaya ng pang-ekonomiya, pampulitika, at pangkultura (UNRISD, 2011).

Pagninilay sa karanasan, mga aral mula sa ambagan

Marahil ay mas laganap ang pagtingin na ang Simbahan, kagaya ng Parokya ng Sto. Domingo, ay dapat na abala lamang sa mga gawaing ikinakategoryang religio-spiritwal (sa isang makitid na pagtingin na ito ay nangangahulugan lang ng pagdarasal). Ngunit mayroon din namang mga naninindigan na isa lamang ito sa mahalagang ginagampanan ng Simbahan bilang institusyon sa pamayanan. Ayon kay Abellanosa (2015), ang Simbahan ay isang pampulitikang institusyon na mayroong *transformative role* sa lipunan. Bukod pa dito, mayroon din itong mahalagang *prophetic role* na magsalita laban sa kahirapan at sa mga istraktural na sanhi nito. Kung tutuusin, ang mga prinsipyo at tunguhin ng mga Panlipunang Turo ng Simbahan at ng panlipunang kaunlaran (*social development*) ang dapat gumagabay sa pagkilos nito (ng Simbahan) bilang isang susing institusyon sa pamayanan.

Bagama't mayroong ganitong mas progresibong pagtingin, marami rin ang nagsasabing malayo ang mga ito sa aktwal na katotohanan. May malaking agwat sa pagitan ng teorya at praktika, ng turo sa gawa. Kung kaya't madalas sinasabing ang mga Panlipunang Turo ng Simbahan ang "pinakatagong lihim" ng Simbahan. Ngunit talaga nga bang walang nangyayari? Ang mga pinahahalagahan at tunguhin ba ng mga PTS at panlipunang kaunlaran ba ay hindi talaga naisasalin sa gawa? Sa gitna ng pandemya, ang Simbahan bilang institusyon ba ay kumilos para salingin ang buhay ng maliliit at ng mga maralita?

Nag-umpisa ang maikling pag-aaral na ito na may pangunahing layuning mailahad ang kuwento ng sama-samang pagkilos ng mga tao sa Isla ng Talim sa Binangonan, Rizal bilang lokal na pagtugon sa mga hamon dulot ng pandemya. Ipinamalas ng kuwento ng mga pamayanan at mamamayan ng Isla ng Talim at ang bumubuo ng Parokya ng Sto. Domingo sa Isla ng Talim na buhay na buhay ang mga Panlipunang Turo ng Simbahan at tuloy-tuloy na isinusulong ang panlipunang kaunlaran. Taus-pusong pagbati at pagpupugay ang pinapaabot ng may-akda sa mamamayan ng Isla Talim. Ang mga sumusunod ay ilang mga aral mula sa karanasan ng mga taga-isla ng Talim.

Likas sa mga tao ang paghahangad sa ganap na pagbabago

Makikita sa kuwento ng mga pagkilos ng mga mamamayan ng Isla ng Talim na ang mga ito ay nakaugat sa mga Panlipunang Turo ng

Simbahan. Maaaring ipagpalagay na bunga ito ng mga gawaing edukasyon ng Simbahan sa antas ng pamayanan sa pamamagitan ng mga tradisyunal na pamamaraan kagaya ng mga sermon ng kura paroko, mga pag-aaral, at mga palihan. Maaari ring ipagpalagay na bunga ito ng kanilang mga karanasan sa pakikilahok sa mga programa at proyektong nakapaloob sa ministryo ng *Social Transformation*. Ngunit sa pakikipagkuwentuhan at pakikipag-aralan sa mga tao, at batay rin sa mga kuwentong ibinahagi ng mga estudyanteng na-*deploy* sa Isla sa ilalim ng FIP, ang sama-samang pagkilos ng Parokya at pamayanan para tugunan ang mga pangangailangang lumitaw o hindi kaya'y pinatindi ng pandemya ay patunay na ang mga PTS ay mahalaga hindi dahil ito'y sinabi o sinulat o itinuturo ng institusyong Simbahan. Ngunit, patunay ang mga sama-samang pagkilos ng mga tao na ang mga nilalaman ng mga Panlipunang Turo ay mahalaga dahil halaw ang mga ito mula sa buhay, karanasan, at pangarap ng mga tao, lalo na ng mga maralita—ang tunay na Simbahan—para sa mas magandang ngayon at bukas.

Malaki ang papel ng mga maliliit na parokya sa pagsusulong ng kabutihan/kagalingan ng lahat

Ayon kay Midgley (2014), patuloy ang paglaki o paglawak ng partisipasyon ng mga *faith-based organizations* (FBOs) at mga simbahan sa larangan ng panlipunang pagpapaunlad. Dahil dito, nagiging malawak na rin aniya ang pagkilala sa FBOs at mga simbahan bilang mga *social development agents*; hindi na natatali lamang sa mga mas “tradisyunal” na mga gawain kagaya ng pagdarasal at pagmimisyon. Ngunit kung babalikan ang mga Panlipunang Turo at lalo na ang mga pagkilos ng mga tao sa Isla ng Talim, makikitang isa talaga sa papel ng Simbahan ay maging ahente ng panlipunang pagbabago o transpormasyon at tagapagsulong ng kabutihan ng lahat. Ibig sabihin, ang mga pagkilos ng Simbahan kagaya ng ginawa at patuloy na ginagawa ng Parokya ng Sto. Domingo bilang tugon sa mga hamong ibinunga ng pandemya ay hindi dapat ituring na “bago.” Sa katunayan, ang ganitong mga pagkilos ay dapat na nangyayari sa lahat ng mga simbahan—*not pockets of success stories, but patterns of collective action driven by faith founded on social justice*. Pinapalangkapan ng mayakda ang Parokya ng Sto. Domingo at mga mamamayan ng Isla ng Talim dahil patuloy nilang pinatutunayan na ang paglilingkod ay mapagkalinga, sumasaling sa buhay ng mga maralita, at mapagpalaya, naghahangad ng kaunlarang pinagsasaluhan ng lahat.

Pakikiisa at pakikilahok, karapatan at pananagutan, mga mahahalagang sangkap sa mobilisasyon ng pamayanan

Isa pang mahalagang punto na maaaring ikutan ng pagninilay ay ang nabanggit ni Emil Ibero ng St. Vincent School of Theology o SVST noong siya'y nakibahagi sa ika-walong *episode* ng *Kwentong Kwarantín*. Sabi niya, “Tumulong ang SVST sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mainit na pagkain sa mga taong nasa lansangan, sa mga nasa ilalim ng tulay. Nagbigay kami ng maiinom. *Significant* ba ang mga ito? Di namin tinanong ito, bagkus ang panukat ay kung sino ang nangangailangan.” Ngunit ang pangalawa niyang punto ang mas matindi. Sabi ni Emil, “Ang mga inisyatiba ng simbahan ay naging pagkakataon para ma-*activate* yung pag-aambagan ng mga tao sa komunidad. Na-*activate* yung pagkilos na di kailangan o di naghahangad i-*publicize*. Di mo na kailangang pwersahin para umambag.” Ganito rin ang nangyari sa Isla ng Talim. Maliit lang ang rekursong mayroon ang Parokya kung tutuusin para tugunan ang pangangailangan ng siyam hanggang sampung mga barangay. Ngunit habang ginagawa ang pagtulong, nagising o hindi kaya'y nahawa rin ang iba pa para umambag din. Dahan-dahan ay sumigla muli ang diwa ng pakikipagkapwa at bayanihan. Ang ganitong kuwento ay hindi malayo sa kuwento sa Bibliya tungkol sa himala ng pagpapakain sa limanlibong katao (makikita sa Mateo 14:13-21). Ang himala ay hindi ang pagdami ng tinapay at isda na parang madyik kundi ang pagbubukas-loob ng bawat isa na umambag, na magbahagi, at makibahagi sa pagpasan sa mga usapin at mga pangangailangan ng mga mamamayan. Ang pakikiisa o *solidarity with the people* ay bunga ng paglalim ng kabatiran ng mga tao sa umiiral na kalagayan sa pamayanan (*critical consciousness*) at sa pagkakaugnay-ugnay (*interconnectedness*) ng buhay nila.

Pamahalaan at pamamahala para sa lahat at hindi para sa iilan

Sa mas praktikal na aspeto, maganda ring tingnan ang naging mahusay na pamamaraan ng Simbahan, paraan na mas naibabagay sa konteksto ng mga pangyayari. Batay sa mga kuwentong naibahagi, naging mabilis at mapagpatuloy ang mga pagkilos. Mga katangiang dapat taglay ng mga inisyatiba dahil na rin nga sa lawak ng kagyat na pangangailangan—gutom/kagutuman. Bagama't dapat bahagi ng pagtugon sa usapin ng gutom/kagutuman ang mga pagkilos na isratehiko, pangmatagalan, at tumutugon sa mga istraktural na mga kadahilanan, dapat din talagang sinasabayan ito ng agaran at kagyat na lunas. Paano ito nagawa ng

isang maliit na simbahan? Una, pinagana nila ang kanilang mga *social networks*—mga kaibigan at tagatangkilik sa loob at labas ng Isla; ang mga taong ito ang nag-ambag ng pera, panahon, panalangin, pagkain, at iba pa. Pangalawa, ginamit nila kung ano ang mayroon sila—ang maliit na bangkang de motor para mamili sa bayan habang walang transportasyon; ang simbahan na ginawang imbakan at kung saan nagbalot ng mga ayuda; mga kaldero, kalan, at mga gamit pang-kusina para sa *feeding program*. Pangatlo, ang pagkakaroon ng istrakturang di-kumplikado kung ihahambing sa burukrasya ng lokal na pamahalaan. Pang-apat, at marahil pinakamahalaga, ang Simbahan ay bahagi mismo ng pamayanan—alam at ramdam nila ang kalagayan at mga pangangailangan ng mga mamamayan. Ang mga aral na ito mula sa karanasan ng Parokya at mga mamamayan ng Isla ng Talim sa naging pagtugon sa pandemya ay marapat na sikap ng matutunan ng pamahalaan sa iba’t bang antas kung nais na maging mas masinop at angkop ang mga gagawing pagtugon sa mga darating pang mga krisis at sakuna sa pamayanan.

Ang panlipunang pagbabago’y dapat umiikot sa dangal ng sangkatauhan

Sa pagtatapos, mainam na balikan ang isang nabanggit ni Fr. Rommel noong nakapanayam siya at nagkukuwento siya tungkol sa pangangailangang pang-edukasyon ng mga kabataan. Sabi niya, “Hanggang ngayon ba’y *relief operations* pa rin talaga ang kailangan? Di ba dapat tapos na tayo dito? Di ba dapat ay mga konkretong *response* na sa mga aktwal ng mga pangangailangan gaya ng sa edukasyon?” Kung nanamnamin, makikita natin na ang mga tanong na ito’y nakaugat sa isa sa pundamental na tema ng mga Panlipunang Turo—ang dangal ng tao. Sa maikling pakikipamuhay sa Isla, makikita natin na ang mga tao, kahit na ang mga maralita’y hindi nasanay na umaasa sa tulong ng iba para makakain at matugunan ang iba’t iba nilang mga pangangailangan. Hindi nito sinasabing hindi nila kailangan ng tulong. Ang magandang tingnan ay kung anu-ano ang itutulong at kung paano gagawin ang pagtulong. Ang tulong ba at ang proseso ng pagtulong ay naaayon sa dangal ng tao? Ito ba ay mapanghamak at mapang-alipin o ito ba ay mapagkalinga at mapagpalaya?

Ilang mga mungkahi para sa tuloy-tuloy na pagkilos

Batay sa pagsusuri sa kalagayan sa Isla ng Talim bago ang pandemya, sa panahong ipinatutupad ang malawakang mahigpit na kwarantín, at ngayong nagluluwag na ang mga kwarantín, may apat na

larangan dapat tutukan sa pangmatagalan. Ang mga ito ay hindi lang iminumungkahi para sa Parokya ng Sto. Domingo ngunit para na rin sa iba pang mga institusyon sa Isla ng Talim, kagaya ng mga pamahalaang barangay, at pati na rin sa mga suportang institusyon kagaya ng CSWCD na kasalukuyang nakikipagtuwangan sa Parokya at sa mga pamayanan sa pamamagitan ng FIP.

Una, kasiguruhan sa pagkain. Mahalagang gumawa ng mga hakbang para matiyak na ang lahat ng mamamayan ng Isla ay mayroong maaasahang mapagkukunan ng sapat, hindi mahal, at masusustansyang pagkain sa lahat ng panahon.

Pangalawa, disentang trabaho at kabuhayan. Habang mayroong mga trabaho at pinagkukunan ng kabuhayan ang mga taga-Isla ng Talim, kailangang matiyak na ang mga ito'y makapagbibigay sa mga tao ng sapat at makatarungang kita. Kaugnay rin nito ang pagpapalakas ng *social protection* upang ang nangyari ngayong pandemya kung saan ang pagkawala ng kita ay nagresulta sa gutom ay hindi na muling maulit.

Pangatlo, serbisyong pangkalusugan. Mainam ring matutukan ang pagsulong ng mga *community-based health programs* o ang pagpapalakas ng kapasidad na matugunan ang mga pangangailangang pangkalusugan sa pinakamababang antas ng pamayanan.

Pang-apat, pamamahala ng pamayanan o community governance. Kailangan pa ring tuloy-tuloy ang pag-oorganisa at pagpapalakas ng mga samahan. Malaki ang papel ng mga samahan upang matiyak na ang pamahalaan ay para sa lahat at hindi lang sa iilan, na nagagampanan nito nang maayos ang kaniyang pananagutan sa mamamayan. Bahagi rin nito ang patuloy pang pagpapalakas sa kapasidad ng lokal na pamahalaan, lalo na sa antas barangay, na maging mas mapanlahok at maging mas mahusay sa pagbuo ng mga polisiya, programa, at mga proyektong tumutugon sa mga tunay na kagalingan ng pamayanan lalo na ng mga higit na nangangailangan.

Panghuli, iminumungkahi ring patuloy na sinsinin at palakasin ang social action ministry ng Parokya ng Sto. Domingo. Bahagi ng pagpapalakas na ito ang mas malalim na pag-aaral sa mga Panlipunang Turo ng Simbahan at pagbuo ng mga programa at proyektong magsasabuhay sa mga tunguhin at pinahahalagahan nito. Hindi maihihiwalay dito ang

patuloy na pagtukoy at pagpanday ng mga lider at patuloy na pag-oorganisa ng mga maliliit na sambayanang Kristiyano o *basic ecclesial communities*.

Mga Tala

¹ Sa kabuuan ng papel na ito, magkahalinhinang gagamitin ang PSD at Parokya para tukuyin ang Parokya ng Sto. Domingo.

² Ang *Kwentong Kwarantín* ay isang *podcast* na inilunsad ng Departamento ng Pagpapaunlad ng Pamayanan ng CSWCD. Ito ay isang malayang espasyo kung saan tinatalakay ang mga mahahalalaga at maiinit na isyu ng lipunan sa panahon ng *community quarantine* (CQ) sa Pilipinas.

³ Ang pangalan ng mga *encyclicals* o liham ng Santo Papa sa mga obispo ay hango sa unang mga salita nito: *Rerum Novarum* [*Of New Things*], *Populorum Progressio* [*The Progress of Peoples*], *Evangelii Gaudium* [*The Joy of the Gospel*], *Laudato si'* [*On Care for Our Common Home*], *Fratelli Tutti* [*All Brothers and Sisters*].

Mga Sanggunian

- Abellanos, R. J. S. (2015). Discursive detours and weak gate-keeping: The deficit of the Philippine Bishops' Church of the Poor discourse. *Political Theology*, 16(3), 226–246. DOI: 10.1179/1462317X14Z.00000000105
- Acts and Decrees of the Second Plenary Council of the Philippines [PCP II]. (1992). Pasay City: St. Paul's.
- Brenden, M. A. (2007). Social work for social justice: Strengthening social work practice through the integration of Catholic social teaching. *Social Work & Christianity*, 34(4), 471–497.
- Cruz, A., Mendoza, C., Duro, C., Esparrago, J., Inso, C., & Roman, V. (2019). *Paglubog, pagsisid, at pag-ahon: Ang pagtuklas sa mga kwentong pagpapaunlad ng Isla ng Talim* [Unpublished Field Instruction Program integration paper]. Quezon City: College of Social Work and Community Development, University of the Philippines Diliman.
- Dagmang, F. D. (2016). From Vatican II to PCP II to BEC too: Progressive localization of a new state of mind to a new state of affairs. *MST Review*, 18(2), 63–75.

- Deguma, J., Case-Deguma, M., Tandag, J., & Acebes, H. M. (2020). Where is the Church in the time of COVID-19 pandemic: Preferring the poor. Via G. Gutierrez' "Liberation" and the Catholic Church's Social Teaching in the Philippine Setting. *The Journal of Social and Political Studies*, 3, 363–374. <https://doi.org/10.31014/aior.1991.03.02.175>
- Francis. *Evangelii gaudium*. The Holy See, 24 November 2013. Retrieved from http://www.vatican.va/content/francesco/en/apost_exhortations/documents/papa-francesco_esortazione-ap_20131124_evangelii-gaudium.html#Concern_for_the_vulnerable
- Francis. *Laudato si'*. The Holy See, 24 May 2015. Retrieved from http://www.vatican.va/content/francesco/en/encyclicals/documents/papa-francesco_20150524_enciclica-laudato-si.html
- Francis. *Fratelli tutti*. The Holy See, 3 October 2020. Retrieved from http://www.vatican.va/content/francesco/en/encyclicals/documents/papa-francesco_20201003_enciclica-fratelli-tutti.html
- Leo XIII. *Rerum Novarum*. The Holy See, 15 May 1891. Retrieved from http://www.vatican.va/content/leo-xiii/en/encyclicals/documents/hf_l-xiii_enc_15051891_rerum-novarum.html
- Paul VI. *Populorum Progression*. The Holy See, 26 March 1967. Retrieved from http://www.vatican.va/content/paul-vi/en/encyclicals/documents/hf_p-vi_enc_26031967_populorum.html
- Manalili, A. G. (n.d.). *Sama-samang pagpaplano at pamamahala ng pagpapaunlad ng pamayanan: Tungo sa kaunlaran na mula sa tao para sa tao (Community development planning and administration)*. Unpublished manuscripts.
- Midgley, J. (2014). *Social development: Theory and practice*. London: SAGE Publications Ltd. DOI: 10.4135/9781446294987
- Murphy, D. (2015, July 21). Too late for a 'Church of the Poor'? *The Philippine Daily Inquirer*. Retrieved from <https://opinion.inquirer.net/86897/too-late-for-a-church-of-the-poor#ixzz6ckJt7es8>
- Sto. Domingo Parish, Talim Island. (2020). Various photos of activities [Images]. Retrieved from <https://www.facebook.com/SDPTALIMISLAND>
- United Nations Research Institute for Social Development. (2011). *Social development in an uncertain world: UNRISD research agenda 2010-2014*. Geneva: UNRISD.

Dr. Paul Edward N. Muego is an Assistant Professor and currently the Field Instruction Program coordinator of the Department of Community Development, UP CSWCD. Before joining CSWCD in 2019, Paul has been directly involved in development work with marginalized sectors and communities for more than 20 years while working at Kapatiran-Kaunlaran Foundation, Inc. (KKFI) and later on with CBM's Asia Southeast Regional Office's CBR Coordinating Office and the Philippine Coordinating Center for Inclusive Development. Paul completed his Diploma and Master of Community Development and, more recently, Doctor of Social Development at the College of Social Work and Community Development, University of the Philippines.

pnmuego@up.edu.ph

How to cite this article in APA 7

Muego, P. E. N. (2021). Ambagan: Sama-samang pagkilos ng mga tao sa panahon ng pandemya (Ang kuwento ng Parokya ng Sto. Domingo, Brgy. Janosa, Isla ng Talim, Binangonan, Rizal). *Philippine Journal of Social Development*, 14, 7–29.